

D. Mga dapat itala sa lalagyan:

- a. Lugar o pangalan ng pinaggalingan ng tubig
- b. Lalim ng balon o' lawa o' tubog
- k. Lawak ng lawa o' tubog
- D. Anyo ng tubig (whether *clear or murky*)
- E. Pangalan ng kumuha
- F. Petsa kung kailan kinuha ang sampol ng tubig.

Mga alituntunin sa pagkuha ng sampol ng tubig


1. Maging maingat sa pagkuha ng tubig para hindi marumihan.
2. Ang plastik na lalagyan ay kinakailangang malinis at may mahigpit na takip para hindi tumapon ang tubig sa pagdadala. Ang lalagyan ay kinakailangang pagkasyahan ng isang (1) litrong sampol ng tubig.
3. Ang mas maagap na pagdadala ng tubig sa laboratoryo ay kailangan para mas maaasahan ang kahihinatnan ng pagsusuri.
4. Huwag paarawan o' ilalagay sa mainit na lugar ang tubig.
5. Sumangguni sa mga tekniko ng Kawanihan ng Pamamahala sa Lupa at Tubig (BSWM) o' Kagawaran ng Pagsasaka (DA) ukol sa anumang katanungan.

Bureau of Soils and Water Management

Water Resources Management
Division and
Laboratory Services Division
Elliptical Road corner Visayas
Avenue, Diliman, Quezon City
(632) 9230462
(632) 9230456



Department of Agriculture
**BUREAU OF SOILS AND
WATER MANAGEMENT**



Paraan ng Pagkuha ng Ipasusuring Tubig Pang- Irigasyon




A. Paraan ng pagkuha ng sampol kung ang tubig ay galing sa ilog, batis o' sapa.

1. Kumuha ng sampol sa pinaglalagusan. *(point of discharge).*



2. Ilubog sa katamtamang lalim ng lagusan and isang botelya na maglalaman ng 100-150 cc. Isalin ang nakuhang tubig sa isang plastik na lalagyan, na maglalaman ng isang litro.



3. Palipasin ang 5 hanggang 6 na sandali at kumuha ng tubig sa nabanggit na lagusan.
4. Gawin ang hakbang 2 at 3 ng 8 hanggang 10 beses at pagsama-samahin ang mga nakuhang tubig sa lalagyang plastik.
5. Takpan ng mahigpit ang lalagyan at dalhin sa BSWM upang ipasuri.




B. Paraan ng pagkuha ng sampol kung ang tubig ay galing sa balon.

1. Kung sa balon manggagaling ang tubig, kumuha ng isang botelya na may katamtamang laki (100-150cc) at talian ng pisi sa may bandang leeg nito.



2. Ihugos ito sa balon at hayaang mapuno ng tubig.



3. Kuhanin ang botelya at salin ang laman nito sa isang malinis na plastik na lalagyan.
4. Gawin ang mga hakbang na ito (2 at 3) ng mga sampung ulitsa iba't ibang lalim ng balon.



K. Paraan ng pagkuha ng sampol kung ang tubig ay galing sa lawa o' tubog.

1. Kumuha ng sampol a iba't-ibang bahagi at sa iba't -ibang lalim din. Pagsama-samahin ang mga ito at ilagay sa polastik na lalagyan.
2. Takpan ng mahigpit ang lalagyan at dalhin sa BSWM para masuri.